



Mga tool at template ng Mga Pamantayan ng Kaligtasan ng Bata

Praktikal na gabay sa pagpili, pangangasiwa at pagpapaunlad ng angkop na mga kawani at volunteer

Pagpili ng pangkaligtasang mga kawani at volunteer	Mga praktikal na suhestiyon	Mabubuting mga kalalabasan
Alamin kung ang trabaho ay may direkta o hindi direktang kontak sa mga bata, o pag-access sa impormasyong sensitibo tungkol sa mga bata at sa kanilang mga pamilya	<p>Aalamin ng pagtasa ang uri ng kontak na mayroon ang trabaho sa mga bata, at anong klaseng pag-access sa impormasyon tungkol sa indibidwal na mga bata:</p> <ul style="list-style-type: none">• kung ligal na kailangan ng trabaho ang Working with Children Check, o kung kailangan ang Working with Children Check upang mabawasan ang mga panganib sa mga bata• kung kailangan din ang iba pang pagsisiyasat at pagsusuri• ang uri ng pagsasanay at antas ng pangangasiwa na kakailanganin ng trabaho.	May umiiral na tamang antas ng mga pagsusuri ng background, pagsasanay at pangangasiwa para sa trabaho.
Bumuo ng pahayag ng mga tungkulin (duty statement) o paglalarawan ng trabaho (job description)	<p>Lilinawin ng duty statement o job description ang tungkulin, mga responsibilidad at mga aasahan ng posisyon at magbabalangkas ng sunud-sunod na antas sa pag-uulat.</p> <p>Alamin kung kailangan ng posisyon ng Working with Children Check, rehistrasyong propesyonal o kwalipikasyon.</p>	Pag-recruit ng pinakaangkop na mga kawani o volunteer.
Bumuo ng mga pamantayan sa pagpili (selection criteria)	Ang selection criteria ay tutukoy sa mga pangunahing kasanayan, mga katangian at karanasan na kailangan upang magsagawa ng mga tungkulin at gawaing nakasaad sa duty statement.	Magiging mas madali ang iyong pagpili ng tamang tao kung pag-iisipan mo nang abanse ang mga kailangan mo.
Ilanunsyo ang posisyon	Itaguyod na kayo ay isang organisasyong ligtas para sa bata na may Patakaran sa Kaligtasan at Kagalingan ng Bata.	Nililinaw na bahagi ng kultura ng inyong organisasyon ang kaligtasan ng bata at tutulong sa inyo na makaakit ng mga taong may parehong mga pinahahalagahan gaya ng organisasyon.

Pagpili ng pangkaligtasang mga kawani at volunteer	Mga praktikal na suhestiyon	Mabubuting mga kalalabasan
Interbyuhin ang mga aplikante	<p>Itanong kung ano ang motibasyon ng aplikante sa pakikipagtulungan sa mga bata.</p> <p>Itanong sa aplikante kung ano ang kanyang karanasan sa tunay na buhay at ang kanyang pagka-unawa sa:</p> <ul style="list-style-type: none"> • mga pangangailangang pisikal at emosyonal ng mga bata • mga propesyonal na hangganan • mga karapatan ng mga bata. <p>Siyasatin ang mga pinahahalagahan ng aplikante at kung nakahanay ang mga ito sa pagtuon sa kaligtasan at kagalingan ng bata at paghadlang ng pang-aabuso at pinsala sa bata.</p> <p>Talakayin ang pamamaraang gagamitin ng aplikante sa kaligtasan ng kulturang Aborihinal at mga gawing inklusibo para sa lahat ng mga bata at sa kanilang mga pamilya.</p> <p>Makatutulong na mga tanong:</p> <ul style="list-style-type: none"> • Paki-lista ang iyong mga karanasan (kung mayroon) sa pakikipagtulungan sa mga bata at kabataan, o sa mga organisasyong nakikipagtulungan sa mga bata at kabataan. Maaaring ito ay sa iyong propesyonal o personal na buhay (kabilang ang mga pag-volunteer gaya ng sa isport). • Ano ang itinuturing mong angkop at hindi angkop na pag-aasal ng isang nasa hustong gulang sa isang bata o kabataan? Magbigay ng mga halimbawa. • Ano ang iyong gagawin kung sa palagay mo ang isang kasamahan ay kumikilos nang hindi angkop sa isang bata? • Ano ang pamamaraang iyong gagamitin upang makipag-ugnayan sa mga bata at kabataan? <p>Magkaroon ng higit pa sa isang tao sa lupon tagapili para matalakay ninyo ang mga opinyon tungkol sa mga aplikante. Hangga't maaari, magsali sa lupon ng mga taong may iba't ibang mga katangian at pinagmulan, gaya ng iba't ibang kasarian. Ang pagsasali sa lupon ng isang kabataan ay tutulong sa pagkuha ng kakaibang pananaw.</p> <p>Gumawa ng pangalawang interbyu kung hindi kayo sigurado kung sino ang gusto ninyong hirangin o mayroon kayong ilang pag-aalinlangan tungkol sa isang kandidato. Baka mas gusto ninyong magkaroon ng di-pormal na pag-uusap sa pangalawang interbyu para magkaroon ng mas</p>	Isang proseso na nagpapahintulot ng makatwirang oportunidad upang patas na tasahin ang mga kasanayan at kaangkupan ng isang aplikante.

Pagpili ng pangkaligtasang mga kawani at volunteer	Mga praktikal na suhestiyon	Mabubuting mga kalalabasan
	malayang daloy ng usapan at pagbabahagi ng mga ideya upang makilala ninyo nang mas mabuti ang mga tao.	
Gumawa ng hindi kukulangin sa dalawang pagsusuri ng reperensya (reference checks)	<p>Dapat gumawa ng hindi kukulangin sa dalawang reference check. Huwag tatanggap ng mga nakasulat na reperensya. Kayo ay dapat laging makipag-usap sa referee.</p> <p>Humingi ng isa man lamang na referee mula sa kasalukuyan o pinakahuling tagapag-empleyo ng aplikante.</p> <p>Kailangang personal na naobserbahan ng mga referee ang pagtatrabaho ng aplikante sa mga bata.</p> <p>Makatutulong na mga tanong:</p> <ul style="list-style-type: none"> • Naobserbahan mo ba ang tao sa kanyang pakikipag-interaksyon sa mga bata? Maaari mo bang ilarawan ang mga uri ng relasyon at interaksyon na mayroon ang tao sa mga bata? • Kukunin mo bang muli ang aplikante para magtrabaho? • Mayroon ka bang anumang mga alalahanin tungkol sa direktang pagtatrabaho ng aplikante sa mga bata? • Komportable ka ba sa kaalamang ang aplikante ay maaaring maiwang nag-iisa kasama ng mga bata kung minsan? • Maaari ka bang magbigay ng isang halimbawa kung saan naobserbahan mo ang aplikante sa kanyang pagtugon sa mapanghamong pag-aasal ng isang bata? • Mayroon bang anumang pangdisiplinang mga kaso laban sa tao o may mga alalahanin ka ba tungkol sa kanyang pagtupad sa Koda ng Pag-aasal ng organisasyon? 	Ang pagkolekta ng impormasyon tungkol sa kandidato ay tutulong sa inyo na makagawa ng may-kaalamang desisyon tungkol sa kaangkupan ng aplikante.
Magbigay ng induction, pangangasiwa, suporta at pagsubaybay sa mga kawani at volunteer	<p>Gawing pamilyar ang mga bagong kawani at volunteer tungkol sa Patakaran sa Kaligtasan at Kagalingan ng Bata, Koda ng Pag-aasal at kaugnay na mga patakaran at pamamaraan.</p> <p>Magbigay ng patuloy na pagsasanay tungkol sa:</p> <ul style="list-style-type: none"> • pagtukoy at pagtugon sa mga palatandaan ng pang-aabuso at pinsala sa bata • pagsuporta sa isang tao na nagsisiwalat tungkol sa pinsala sa bata • pagtasa at pamamahala ng mga panganib ng pang-aabuso at pinsala sa bata • pagbibigay-kapangyarihan sa mga bata at paglahok nila 	Nauunawaan ng mga kawani at volunteer kung paano pananatiliing ligtas ang mga bata, hahadlangan at babawasan ang pinsala at makumpiyansang kikilos.

Pagpili ng pangkaligtasang mga kawani at volunteer	Mga praktikal na suhestiyon	Mabubuting mga kalalabasan
	<ul style="list-style-type: none"> • pag-iimbak ng rekord at pagbabahagi ng impormasyon • mga obligasyon sa pag-uulat ng kaligtasan sa bata at pagtugon • kaligtasang pangkultura at mga gawing inklusibo. <p>Dapat isali ang pagtuon sa kaligtasan at kagalingan ng bata sa patuloy na pangangasiwa at pamamahala ng mga kawani at volunteer. Maaaring gawin ito sa pamamagitan ng regular na pangangasiwa ng mga kawani, mga plano sa propesyonal na pag-unlad at mga forum at miting ng mga kawani.</p> <p>Gumawa ng aksyon kung may sinumang kawani o volunteer na hindi susunod sa Koda ng Pag-aasal sa Kaligtasan at Kagalingan ng Bata, kabilang ang pagsasabi nito sa kawani o volunteer at pagtingin kung nagbago na siya ng pag-aasal.</p>	